JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinpyo

JUNE
Maabtik og Masunod sa Ihsaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhuwahunon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
**Department of Education**
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


# 6

*Zest for Progress*
*Zeal of Partnership*

# Edukasyon sa Pagpapapakatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 8:

### Pagkatao Mo - Ingatan Mo!



Pangalan ng Mag-aaral: ____________________

Baitang at Pangkat: ____________________

Pangalan ng Paaralan: ____________________



# Alamin

Mahalaga ba ang paggalang o pagbibigay ng respeto sa paniniwala ng bawat tao? Anu-anong kabutihang maidudulot nito? Anu-ano ang maaaring mangyayari sa buhay ng isang tao kung may paniniwala sa Diyos?

Lahat tayo ay may karapatang magbigay o magsalaysay ng sariling opinyon o ideya. Bawat isa sa atin ay nabigyan ng sariling kaisipan, karunungan, kahusayan at kaalaman kaya't hindi maiiwasan na magkaroon ng pagtatalo.

Ang ispiritwalidad at pananampalataya ng bawat tao ay may malaking bahaging ginagampanan sa paghubog ng kanyang mabuting pagkatao. Dahil sa kinagisnang damdaming maka-Diyos, nahubog sa atin ang pagmamahal sa Kaniya at nalinang ang ating paghahangad na magkaroon ng mabuting pagkatao at habang lumalapit tayo sa Diyos, mas lalong nahuhubog ang ating kabutihan.

Ang pagiging mabuting tao ay wala sa kasarian, katanyagan, katalinuhan, kulay ng balat, estado sa buhay at maging sa relihiyon. Sila ang mga taong handang magsakripisyo para lamang makagawa ng kabutihan sa kanilang kapwa.

**Pamantayan sa Pagkatuto**

Napatutunayan na nagpapaunlad ng pagkatao ang ispiritwalidad. Hal. pagpapaliwanag na ispiritwalidad ang pagkakaroon ng mabuting pagkatao anuman ang paniniwala; pagkakaroon ng positibong pananaw, pag-asa, at pagmamahal sa kapwa at Diyos. **EsP6PD- IVa-i–16**

- Maiisa-isa ang iba't ibang epekto ng pagkakaroon ng paniniwala at pagmamahal sa Diyos.



# Subukin

**Panuto:** Basahin at intindihin ang mga sumusunod na tanong. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Sumama ka sa isang iskawting. Pinangkat kayo ng lider ninyo sa limang grupo. Walang tumanggap sa iyo dahil wala sa iyo ang abilidad na gusto nila. Ano ang iyong gagawin?

A. Isusumbong ko sila sa guro.
B. Hindi ko na lang sila papansinin.
C. Hihikayatin at kukumbinsihin silang isasali nila ako sa grupo at sisikaping gagawin ko ang aking kakayahan.
D. Lalaitin ko ang kanilang grupo.

2. Narinig mong hindi magkasundo ang iba ninyong kasamahan sa inyong grupo dahil iba-iba ang kanilang suhestyon. Bilang lider ng grupo, ano ang dapat mong gawin?

A. Sigawan mo sila
B. Gumawa ng hakbang upang mabigyan ng agarang solusyon ang sigalot
C. Pabayaan silang di-magkasundo
D. Ilipat sila sa ibang grupo

3. Bagong lipat ang pamilyang Templado sa inyong barangay. Napansin mong hindi sila nagsisimba tuwing linggo. Ano ang nararapat mong gawin?

A. Kumustahin ang bagong lipat na pamilya
B. Makipagkaibigan at makipagsundo
C. Imbitahing magsimba sa darating na linggo
D. Lahat na nabanggit

4. Magsisimba ka sana sa linggo ngunit may takdang-aralin kang kailangang tapusin. Ano ang uunahin mo?

A. Magsisimba ngunit magmamadali dahil may gagawing takdang-aralin
B. Hindi na lang papasa ng takdang-aralin
C. Sa simbahan gagawain ang takdang-aralin
D. Ilaan ang oras sa pagsisimba at gagawin ang takdang aralin pagkatapos ng misa.

5. Sa isang Iskawting, inatasang kang ikaw ang maging lider sa inyong grupo. Alam mong may iba na mas karapat-dapat bilang isang lider. Ano ang pinakanararapat mong gawin?

A. Tanggapin kahit di-maluwag sa kalooban
B. Tatanggapin at sisikapin kong gawin hanggang sa abot ng aking kakayahan.
C. Lilipat ako ng ibang grupo
D. Magkunwaring may lagnat.

| Modyul 8 | Pagkatao Mo - Ingatan Mo! |
|---|---|



## Balikan

**Panuto:** Iguhit sa patlang bago ang bilang ang masayang mukha ( ☺ ) kung ang pahayag ay naglalarawan ng panrelihiyong pagdiriwang o nagpapakita ng gawaing nagpapaunlad sa ispiritwalidad ng isang tao at malungkot na mukha ( ☹ ) kung hindi.

______1. Nagdarasal nang taimtim sa oras ng prusisyon at pagsamba.

______2. Hindi makikihalubilo sa mga taong iba ang paniniwala sa iyo.

______3. Nirerespeto mo ang paniniwala at pananalig ng iba kahit magkaiba ang inyong mga pananampalataya at pananaw sa buhay.




______4. Gumagawa ng paraan kung paano mapaunlad ang sariling pananampalataya sa pamamagitan ng pagsali sa mga pagdiriwang na iyong kinabibilangan.

______5. Hindi tinutulungan ang iba kapag magkaiba kayo ng relihiyon.



# Tuklasin

**Panuto:** Pagmasdan ng mabuti ang mga larawan. Anu-ano ang mga opinyon ang inyong masasabi sa hanay A at hanay B. Isulat ang inyong sagot sa patlang.

| **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|
|  |  |
|  |   |

Sagot:

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________



# Suriin

Ang Pilipinas ay nagbibigay ng malaking halaga sa relihiyon. Ito'y dahil sa impluwensiyang nakuha galing sa pananakop ng mga banyagang Kastila ng mahigit sa 300 na taon.

| **Pamantayan** | **8** | **5** | **3** | **1** |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman (Content) | Nasasagot ng kumpleto at tama ang bawat bilog na inilaan. | Nasasagot ng kumpleto ngunit may isa na di-malinaw ang ideya. | Nasasagot ng kumpleto ngunit hindi malinaw ang mga ideya. | Nasasagot ngunit malayo sa paksa. |
| Pagkakaugnay (Relevance) | Nauugnay ng tama sa paksa. | Nauugnay sa paksa ngunit hindi kumpleto. | Di-gaanong nauugnay sa paksa. | Walang kaugnayan sa paksa. |

Ngunit, bago pa man tayo sinakop ng mga Kastila may sariling relihiyon o paniniwala na ang ating mga ninuno. Halos lahat naman ng kultura at bansa ay may kani-kanilang relihiyon na pinaniniwalaan.

Sa pamamagitan ng relihiyon, tayo ay nabibigyan ng gabay lalo na sa mga pagkakataong hindi natin alam kung ano ang gagawin.

Ang mga sumusunod ay iilan sa mga mabubuting epekto kung may pananalig at pagmamahal sa Diyos ang isang tao.

1. Nakapagbabago sa kabuuang ugali ng tao,
2. Magkakaroon ng magagandang asal at mabuti ang pagtrato sa kapwa.
3. Mapagkumbaba at marunong magpatawad sa kapwa.
4. Takot gumawa ng mga kasalanan gaya ng pagpatay, pagnanakaw at iba pa.
5. Naglalaan ng oras sa pagsisimba, pagbabasa ng bibliya at pagdadarasal.
6. Nagpapasalamat palagi sa mga biyayang natatanggap.
7. Bukas ang puso at isipan sa pagtulong sa nangangailangan


Ang relihiyon ay isa lamang sa mga instrumento upang. tayo ay mapalapit sa Diyos. Ang mahalaga ay ang personal na relasyon mo sa Panginoon at ang pagtrato mo sa kapwa tao. Bukod rito, ang ating buhay ay puno ng paghihirap at mga pagsubok. Kapag tayo ay may pananalig sa Diyos, madaling ipagaan ang mga mabibigat nating problema.

Marami ring relihiyon ang ating makikita sa buong mundo at dapat lamang itong irespeto at bigyang halaga.



## Pagyamanin

**Panuto:** Buuin ang *Graphic Organizer* na ito.



| Pamantayan | 8 | 5 | 3 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman (Content) | Nasasagot ng kumpleto at tama ang bawat bilog na inilaan. | Nasasagot ng kumpleto ngunit may isa na di-malinaw ang ideya. | Nasasagot ng kumpleto ngunit hindi malinaw ang mga ideya. | Nasasagot ngunit malayo sa paksa. |
| Pagkakaugnay (Relevance) | Nauugnay ng tama sa paksa. | Nauugnay sa paksa ngunit hindi kumpleto. | Di-gaanong nauugnay sa paksa. | Walang kaugnayan sa paksa. |



# Isaisip

**Panuto:** Sabihin kung paano mo maipapakita ang mga pamamaraan ng pananalig at pagmamahal sa Diyos sa sumusunod na sitwasyon.

| Sitwasyon | Pamamaraan ng Pagmamahal sa Diyos |
|---|---|
| 1. Kaibigan mong hindi marunong magdasal. | ❖ |
| 2. Kapitbahay mong hindi nagsisimba. | ❖ |
| 3. Kaibigan mong hindi nakikilahok sa mga gawain sa inyong simbahan. | ❖ |
| 4. Kaibigan mong hindi nagbabasa ng bibliya. | ❖ |
| 5. Kaklase mong tumutuligsa sa bawat paniniwala ng ibang relihiyon. | ❖ |



# Isagawa

**Panuto:** Lagyan ng tsek (√) kung ang pangungusap ay nagpapahayag ng kagandahang loob sa kapwa at ekis (x) naman kung hindi.

____1. Pagdama at pag-unawa sa damdamin ng iba.

____2. Pagdalaw at pag-aliw sa mga taong may karamdaman.

____3. Paggawa ng kabutihan sa kapwa kung may kailangan ka.

____4. Pagbabahagi ng pagkain, laruan, damit, gamit, at iba pa.

____5. Pagiging bukas-palad sa mga nangangailangan.



# Tayahin

**Panuto:** Basahin at intindihin nang mabuti ang mga sumusunod na tanong. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa mga sumusunod ang epekto at resulta kung walang paniniwala at pagmamahal ang tao sa Diyos?
   A. Magkakaroon ng magagandang asal at mabuti ang pagtrato sa kapwa.
   B. Mapagmataas at di-marunong magpatawad sa kapwa.
   C. Takot gumawa ng mga kasalanan gaya ng pagpatay at pagnanakaw.
   D. Naglalaan ng oras sa pagsisimba, pagbabasa ng bibliya at pagdadarasal.

2. Bakit mahalaga ang relihiyon ng bawat tao?
   A. Upang may direksyon ang bawat buhay ng tao
   B. Upang mahubog ang ating pagkatao at ispiritwalidad
   C. Upang mapalapit tayo sa Panginoon
   D. Lahat ng nabanggit

3. Ito ay tumutukoy sa debosyon o katapatan ng isang tao sa lahat ng bagay na ispiritwal.
   A. Relihiyon
   B. Debosyon
   C. Ispiritwalidad
   D. Estado

4. Alin sa mga sumusunod ang **<u>hindi</u>** kanais-nais na katangian ng isang Pilipino?
   A. Pagka-magalang
   B. Maka-Diyos
   C. Mapagmataas
   D. Makabansa

5. Ang pagmamano ng kamay sa mga nakatatanda ay tanda ng pagiging ________.
   A. Masipag
   B. Magalang
   C. Mapagmahal
   D. Kawalang respeto

6. Alin sa mga sumusunod ang **<u>hindi</u>** nagpapakita ng pagmamahal sa Diyos?

   A. Pagtulong sa kapwa na nangangailangan
   B. Pagnanakaw at pagsisinungaling
   C. Pag-aalaga sa may sakit
   D. Pagdadasal at pagsisimba

7. Saan ang angkop na lugar ng pagdadasal?

   A. Sa paaralan
   B. Sa simbahan
   C. Sa Ospital
   D. Kahit saan

8. Ang ______ ay isang pag-uugali na nagpapakita ng pananagutan at isang responsibilidad sa ating kapwa.

   A. Pagmamahal
   B. Pakikipagkaibigan
   C. Pakikipagkapwa-tao
   D. Pagbibigay

9.Tayong lahat ay nilikha ng _____ na may kanya-kanyang kakayahan.
A. tao  B. bagay  C. hayop  D. Diyos

9. Ang ________ ay instrumento upang mapalapit ang mga tao sa Panginoon.

A. Pera  B. Posisyon  C. Relihiyon  D. Kapangyarihan



# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Gumawa ng islogan na nagpapakita ng ibat-ibang epekto ng paniniwala at pagmamahal sa Diyos. Sundin ang rubriks na nasa ibaba.

| **Pamantayan** | **10** | **7** | **4** | **1** |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman (Content) | Ang mensahe ay mabisang naipakita. | Di-gaanong naipakita ang mensahe. | Medyo magulo ang mensahe. | Walang mensaheng naipakita. |
| Pagkakalikha (Creativity) | Napakaganda at napakalinaw ng pagkakasulat ng mga titik. | Maganda at malinaw ang pagkakasulat ng mga titik. | Maganda ngunit di-gaanong malinaw ang pagkakasulat ng mga titik. | Di-maganda at Malabo ang pagkakasulat ng mga titik. |
| Pagkakaugnay (Relevance) | May malaking kaugnayan sa paksa ang islogan. | Di-gaanong may kaugnayan sa paksa ang islogan. | Kaunti lang ang kaugnayan ng islogan sa paksa. | Walang kaugnayan sa paksa ang islogan. |
| Kalinisan (Neatness) | Malinis na malinis ang pagkakabuo. | Malinis ang pagkakabuo. | Di-gaanong malinis ang pagkakabuo. | Marumi ang pagkakabuo. |



# Sanggunian


Department of Education. "Most Essential Learning Competencies". Accessed: November 26, 2020. https://commons.deped.gov.ph/K-to-12-MELCS-with-CG-Codes.pdf

Ylarde, Zenaida R. and Gloria A. Peralta. *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon Batayang Aklat*. Quezon: Vibal Group Inc., 2016, 132-143.



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: **Roger V. Templado**
Habib Moin Anduhol Elementary School
Ipil, Zamboanga Sibugay

Editor: Catleya Jean T. Llorente
Shariffa Nur-Raizzah Jeanibvive H. Mohammad

Tagasuri:
Mona Lisa M. Babiera, Ed.D
*Education Program Supervisor*

Tagapamahala:
Evelyn F. Importante
*OIC-CID Chief EPS*

Aurelio A.Santisas
O*IC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jerry C. Bokingkito
O*IC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jeanelyn A. Aleman, CESO VI
*OIC-Schools Division Superintendent*